**ACTIVITY SHEET**
**MTB-MLE 1**
**QUARTER 3-MODULE 4**

Pangalan: ______________________________________________ 1-_______________

**Pagtatala ng Mga Mahahalagang Detalye sa Mga Akdang Pampanitikan at Tekstong Pang-impormasyon na Napakinggan**

Activity No.1
**Panuto:** Basahin ang maikling talata. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

**Ang Mag-anak**
Ni: Ma. Cherry D. Santos

Walang pasok noon, abala ang mag-anak sa mga gawaing bahay. Si Tatay ay maagang umani ng tanim na gulay sa bakuran. Si Nanay naman ay abala sa pagluluto ng agahan. Sina Ate at Kuya ay magkatulong sa paghahanda ng pagkain sa mesa. Sama-sama silang nagdasal at sabay-sabay na kumain.

_____ 1. Sino ang abala sa mga gawaing bahay?
a. mag-anak b. mga bata c. mga kabataan

_____ 2. Sino ang maagang umani ng gulay sa bakuran?
a. si Ate b. si Kuya c. si Tatay

_____ 3. Sino ang abala sa pagluluto?
a. si Kuya b. si Nanay c. si Tatay

_____ 4. Saan umani ng gulay si Tatay?
a. sa bakuran b. sa bayan c. sa bukid

_____ 5. Ano ang ginawa ng mag-anak bago kumain?
a. nagdasal b. naligo c. natulog

Activity No. 2
**Panuto:** Buoin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpili sa kahon ng mga salitang angkop sa bawat patlang. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| detalye | maitala | makapagbabahagi | masasagot | pampanitikan |

Mahalagang matukoy at ________________ ang mga mahahalagang ________________ sa pakikinig ng iba't ibang akdang ________________ at tekstong pang-impormasyon.

Sa pamamagitan ng pagtatala ng mga mahahalagang detalye, madaling ________________ ang mga mga tanong tungkol sa napakinggan.

Madali ring ________________ o makapagsasalay sa muli kung maitatala nang maayos ang mahahalagang detalye.

LIVEWORKSHEETS